Document Tracking No
September 10, 2025
JAK56746-2025

Republic of the Philippines
# Department of Education
Caraga Region
SCHOOLS DIVISION OF SURIGAO DEL SUR

PANDIBISYONG MEMORANDUM
Blg. 379 , s. 2025

To: Tagamasid Pampurok
Pandistritong Tagapag-ugnay sa Filipino
Pinuno ng mga Pampublikong Paaralan
At iba pang sangkot

## MUNTING HANDOG, KUMUSTAHAN AT PAGGAWAD NG PARANGAL SA MGA NANALO NG MGA PATIMPALAK SA BUWAN NG WIKA 2025

1. Sa hangaring maitaas ang antas ng pagkatuto ang mga mag-aaral at mabigyan ng pagkilala ang mga nakilahok sa pagdiriwang ng Buwan ng Wikang Pambansa 2025, magkakaroon ng Munting Handog, Kumustahan at Paggawad ng Parangal sa mga Nanalo ng mga Pandibisyong Patimpalak sa Buwan ng Wika 2025 ngayong Setyembre 12, 2025, 9:00 ng umag hanggang 4:00 ng hapon sa Mababang Paaralan ng Carac-an, Madrid, Surigao del Sur.

2. Ang **Munting Handog** ay isang taunang inisyatibong pinangunguhan ng Kapisanan ng mga Pandistritong Tagapag-ugnay sa Filipino na naglalayong mabigyan ng kaakibat na tulong ang mga piling paaralan sa pamamagitan ng pamumudmod ng mga kagamitang pampagtuturo at pampagkatuto, tulong teknikal, pagsasanay at iba pang agarang pangangailan ng paaralan upang mapataas ang antas ng pagkatuto ng mga mag-aaral. Samantalang ang **Kumustahan** ay ang markahang pagtitipon ng mga tagapag-ugnay, mapa harapan man o birtuwal na ang tunguhin ay pag-usapan ang resulta ng mga pagtataya at magbahaginan ng mga magagandang karanasan at kasanayan sa pagtuturo.

3. Ang sumusunod ay ang layunin ng gawaing nabanggit:

    a. Mailahad ang resulta ng paunang pagtataya sa pagbasa sa Filipino (CRLA at Phil-IRI) at ang unang markahang pagsusulit.
    b. Makapagbigay ng tulong teknikal sa mga guro at punong-guro sa pagpapatupad ng mga pampaaralang interbensiyon.
    c. Makapaghandog ng mga kagamitang pampagtuturo at pampagkatuto sa mga mag-aaral at mga guro.
    d. Mabigyan ng pagkilala at parangal ang mga mag-aaral at tagapagsanay na nagpapakita ng kakaibang kahusayan at kasanayan sa iba't ibang patimpalak.

e. Maisulong ang pagkakaisa at pagbabahaginan ng mga natatanging karanasan at kasanayan sa pagtuturo

4. Ang mga kalahok sa pagtitipon na ito ay ang mga pandistritong tagapag-ugnay sa Filipino at mga tagapagsanay.

5. Inaasahang ang bawat kalahok ay maglikom at magdala ng mga kagamitang pampagkatuto at pampagtuturo na ibabahagi sa mga mag-aaral at guro.

6. Ang perang gugulin para sa transportation at per diems ay manggagaling sa Division/School MOOE o sa local funds alinsunod sa alituntunin ng pamahalaan sa wastong pagtutuos at pag-aawdit.

7. Hinihiling ang maaga at malawakang pagpapalaganap ng Memorandum na ito

**LORENZO O. MACASOCOL PhD, CESO V**
Schools Division Superintendent

Encl.: As enclosed
Reference: DO No. 10 s. 2024, DO No. 18 s. 2025
To be indicated in the Perpetual Index
under the following subjects:

**MEETINGS** **SUPERVISION** **LEARNING AREA FILIPINO**

CID/iga
07/03/2025

CID

2025

**Address:** Balilahan, Mabua, Tandag City, Surigao del Sur, 8300
**Telefax No.** (086) 211-3225
**Email Address:** surigaodelsur.division@deped.gov.ph
**Website:** depedsurigaodelsur.com